PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY PATRICK TULFO – TUTOK TULFO/PTV 4
JUNE 1, 2021 (10:43 A.M. - 10:49 AM)

PATRICK TULFO: Magandang umaga, Secretary Roque, sir.

SEC. ROQUE: Yes, magandang umaga, Patrick. Magandang umaga, Pilipinas.

PATRICK TULFO: All right, sir, kayo talaga ang hinanap namin kasi, sir, of course may kinalaman ito doon sa kausap ko kanina, si Atty. Lambino ng PDP-Laban. Eh ang tanong namin, Secretary Roque, natanggap na ba ni Pangulong Duterte itong resolution ng kaniyang partido, sir?

SEC. ROQUE: Hindi ko po alam kung talagang physically natanggap na niya, pero I'm sure narinig naman po niya dahil nasa diyaryo lahat ngayon.

PATRICK TULFO: Interesado, sir, iyong mga tao, baka raw. Mayroon na bang reaksiyon ang Pangulo? Kinakitaan na ba ng reaksiyon ang Pangulo dito sa naturang resolution, sir?

SEC. ROQUE: Well, sabihin na lang po natin na kakatanggap lang po ng impormasyon; nagpa-process po ngayon.

PATRICK TULFO: Anyway, sir, doon naman po ulat sa bayan ni Tatay Digong last night po. Eh Secretary Roque, mayroon po bang pagbabago doon sa GCQ noong nakaraang buwan dito po sa GCQ ngayon pong Hunyo?

SEC. ROQUE: Yes, mayroon po, at tayo po ay nasa GCQ with restrictions ha. Ilan po sa pagbabago diyan ay dati-rati po kasi ay hanggang 50% sa GCQ ang religious worship. Hindi po siya 50% ngayon, hanggang, kung hindi po ako nagkakamali hanggang—teka iyong dine in muna hanggang 30%, dati kasi 50% 'no. Tapos iyong curfew po mananatili, sabi po iyan ng mga Metro Manila Mayors. Tapos iyong ilang mga convention centers po hanggang 30% din po at dati-rati po 50% iyan. So, ibig sabihin, iyong ilang mga industriya na bukas ng 50% sa GCQ binabaan pa rin natin to 30%, kaya po ang tawag – with restriction!

PATRICK TULFO: Secretary Roque, iyon pong rekomendasyon ng mga miyembro ng Metro Manila Mayors, iyon pong pagbubukas ng negosyo. Mayroon na ho ba tayong listahan, Secretary, kung ano iyong mga negosyong bubuksan?

SEC. ROQUE: Well, actually po halos kapareho pa rin kasi ang ating istratehiya ay unti-unti talagang bubuksan 'no. Pero tinaasan lang po ng kaunti iyong ating tinatawag na mga percentage for operation. Sandali lang po ha kunin ko ang listahan ng tayo po ay maging malinaw, kasi kahapon po mayroon tayong ginawang listahan na, hindi na nating nabasa 'no.

Ito po, 40% allowed po tayo para sa mga personal care services, ito po iyong mga beauty parlors, sa mga salons at mga beauty clinic. Tapos 30% tayo with strict MPHS sa ating outdoor tourist attraction, tapos mayroon po tayong mga staycations sa mga DOT-accredited accommodation establishment, pero 30% po iyan with sa mga lugar na nasa GCQ. Ang ating indoor dining po, kagaya ng aking sinabi ay 30% po. Sa GCQ po kasi ay 60% iyan. Tapos ang outdoor dining po natin ay 50%. Ang religious po natin ay 10% pero pupuwede ngang itaas ng up to 30% and puwede ring umakyat hanggang 50% kung nasa Metro Manila po iyan.

Tapos iyong travel po natin, intra-zonal travel, eh allowed na po ngayon, pero subject to restrictions doon sa mga pupuntahang mga lugar 'no. Iyong ating point to point travel eh wala na rin na pong age restrictions, pero mayroong posibleng testing before travel na requirement.

PATRICK TULFO: So ano iyon, Secretary, depende doon sa lugar na pupuntahan, tama po ba?

SEC. ROQUE: Opo, depende po sa lugar na pupuntahan.

PATRICK TULFO: Sir, what about iyong travel ban na inanunsiyo rin po kagabi, itong mga lugar like India o UAE. Ito po ba, sir – ako po ay nagtatanong lang – covered din po ang mga kababayan natin na nagtatrabaho sa mga lugar na iyan, sir ano?

SEC. ROQUE: Covered pa rin po dahil ang iniiwasan natin ay iyong pagpasok po nang mas nakakahawa at nakakamatay na Indian variants. So iyong mga countries po kagaya ng India, Pakistan, Bangladesh, Sri Lanka kasama na rin po ang UAE at Oman, pinalawak po natin ang absolute travel ban sa mga areas na iyan hanggang a-kinse po ng Hunyo.

PATRICK TULFO: Secretary, sir, ito naman pong isa pang usapin, sir, iyon pong the creation of a new agency, ito pong Department of Migrant Workers and Overseas Filipino. Sir. Ito po ay sinertipikahan na urgent ni Tatay Digong. Sir, can you please tell us something about this?

SEC. ROQUE: Opo, ito po ay kagaya ng aking inanunsiyo certified urgent. Pero noong 17th Congress po actually nang ako ay nasa Kongreso, iyan po ay isang panukalang batas din natin at ang ninanais po niyan ay para magkaroon talaga ng departamento para sa ating mga Overseas Filipino Workers.

Traditionally kasi, iyong karapatan ng ating mga manggagawa ay nasa ilalim ng DFA under the consular functions sa ating DFA. Pero dahil nga po napakadami na nating mga kababayan, eh parang mas mabuti na magkaroon ng specialized agency para rito, dahil kumbaga ngayon eh kabahagi lang sila ng functions ng DFA na hindi naman dapat, dahil ang talagang feature ng ating foreign policy ay pangalagaan ang ating mga mamamayan mula noong tayo po ay nagkaroon ng polisiya ng pag-i-export kumbaga ng manpower sa iba't ibang parte ng daigdig.

PATRICK TULFO: Secretary, doon po sa proposal ninyo na binanggit ano po, sir, ang major function talaga nitong naturang ahensiya na ito?

SEC. ROQUE: Well, pangalagaan po ang interes at ang karapatan ng ating mga OFWs, nasaan man sila naruroon sa buong daigdig.

PATRICK TULFO: Secretary Roque, sir, it’s an honor. It’s a good thing, sir, nakuha po namin kayo, sir. Mabuhay po kayo, sir!

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Patrick, at magandang umaga po.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center